Filipino

# Priority Primary Care Centres (Mga Sentro ng Agarang Pang-unang Pangangalaga)

## Kailangan mo bang magpatingin sa doktor nang agaran?

Ang mga Priority Primary Care Centre (PPCC) ay nagbibigay ng libreng paggamot para sa sinumang may agarang pinsala o karamdaman.

Tutulungan ka ng mga doktor ng PPCC na makakuha ng kailangan mong paggamot nang mas mabilis kaysa sa emergency department ng isang ospital.

Magagamot nila ang mga kondisyon tulad ng mga bahagyang impeksyon, di-malubhang pagkapaso, pagkapilay o sinususpetsang pagkabali ng mga buto. Kabilang sa mga serbisyo ng PPCC ang pathology, radiology at botika.

**Kung ikaw ay may malubhang pinsala o karamdaman, tawagan ang Triple Zero (000). Kung hindi mo kailangan ng agarang pangangalaga, makipag-appointment ka sa regular mong doktor.**

Walang bayad ang mga serbisyo ng PPCC para sa lahat, may Medicare card man o wala.

May makukuhang mga interpreter sa mga PPCC. Tawagan ang Translating and Interpreting Service TIS National sa 131 450.

**Bisitahin ang Better Health Channel para sa mga lokasyon at karagdagang impormasyon:** [betterhealth.vic.gov.au/priority-primary-care-centres](betterhealth.vic.gov.au/priority-primary-care-centres)

TIS Translating and Interpreting Service

phn Victorian-Tasmanian Alliance
An Australian Government Initiative

Victoria State Government